



在日フィリピン人児童のための漢字教材

Ang Kanji ay Kaibigan

アン カンジ アイ カイビーガン

80
Kanjis



1年生
配当漢字

東京外国語大学 多言語・多文化教育研究センター

この教材はインターネットから無料でダウンロードできます
Libreng nadodownload ang kagamitan sa pagtuturo sa sumusunod na website.

<http://www.tufs.ac.jp/common/mlmc/kyouzai/philippines/>

Ang KANJI ay Kaibigan 80 Kanjis

Ang **KANJI ay Kaibigain "80 Kanjis"** ay isang materyal sa pagtuturo na sinangkapan ng masaganang ilustrasyong malinaw upang ang nilalaman ng "**KANJI**" sa unang baitang ay madali at masayang maiintindihan para sa mga batang nahihirapan sa pag-aaral ng "**KANJI**".

Ito ay maaari ding gamitin bilang pagsasanay sa pag-ulit o bilang pagsasanay sa pag-unlad ng mga batang nakatapos na ng unang aralin ng "**KANJI**". Matatamong lalo ang pag-unlad ng pag-aaral nito kung isasagawang maayos at nakakatuwa. Kung ang bata ay may maaliwalas na pakiramdam, "**Ang pag-aaral ng KANJI ay masaya**", ang pagpapatuloy nito ay may kasiguraduhan.

Ang kahulugan ng titulo

Ang titulo ng materyal na ito "**Ang Kanji ay Kaibigan**" ay isinalin sa salitang Tagalog. Sa kasalukuyan ay maraming batang Filipino na nag-aaral sa paaralang elementarya ng bansang Hapon at karamihan ay nahihirapang mag-aral ng "**KANJI**". Sa kadahilanang ito isinagawa ang pagbubuo ng materyal na ito upang makatulong at gayon din sa paglilinang ng interes sa pag-aaral ng "**KANJI**". Sa gayon man ay maging malapit ang pakiramdam ng bata sa "**KANJI**" at naisin nilang maging kaibigan ito.

Mga mahalagang katangian nitong materyal sa pagtuturo

1. May masaganang ilustrasyon

Kung ang inilalarawan at ang karakter ng mga "**KANJI**" ay hindi maisasalin sa pag-iisip, ang kakayahan sa pagsulat at pagsasalita ay maapektuhang hindi mabalanse. Ang mga ilustrasyon ay malinaw at masaganang isinangkap upang ang kahulugan ng "**KANJI**" at gayon din sa pangungusap ay mailarawan sa diwa.

2. Ang pang-unawa ay naitatatag sa paggamit ng mga saligang anyo ng pangungusap at mga bokabularyong ginagamit din sa pangkaraniwang pakikipag-usap.

Sa pagsasanay, ginagamit ang mga bokabularyo at pangungusap na ginagamit din sa pangkaraniwang pakikipag-usap. Ito ay pinag-unahan para ang bata ay makapagkonsentrate sa pag-aaral ng "**KANJI**". Ang pagbabasa ng mga madadaling pangungusap ay nakakatulong sa pag-unlad ng kaalaman sa Nihongo (wikang Hapon).

3. Ang "**KANJI**" ay naisasaulo sa pamamagitan ng pagbasa ng mga pangungusap.

Sa mga lugar na hindi gumagamit ng "**KANJI**", ang mga salita ay binubuo ng mga titik na may mga tunog. Ang "**KANJI**" ay nabubuo na may kahulugan ang bawat isa na tinatawag na ideographic character. Sa gayon, ang bata ay di lamang isinasaulo ang mga "**KANJI**" sa kanilang porma kundi pati na rin ang pagkaunawa sa eksaktong kahulugan nito sa pamamagitan ng maraming sanay sa pagbasa na isinagawa.

4. "**Ang isang karakter ng "KANJI" ay nilagyan ng isang basa lamang" sa patakaran.**

Ang isang kahirapang mag-aral ng "**KANJI**" ay ang dami ng pagbasa nito sa isang karakter lang. Sa kadahilanang nagdudulot ng malaking kaguluhan sa isip ng batang di pa nasasanay sa pag-aaral ng "**KANJI**" ang may maraming basa, ang materyal na ito ay isinagawa na "**may isang basa lamang ang bawat karakter ng "KANJI" sa bawat leksyon**".

5. Unawain ang pagbubuo ng karakter ("**KANJI**")

Habang ginagawa ang mga pagsasanay sa pagsusulat ng "**KANJI**", mapapansin na ang "**KANJI**" ay binubuo ng mga parte.

6. Paglalagay ng salin sa Filipino (Ingles at Tagalog)

Nakalagay ang salin sa Ingles at Filipino (Tagalog) sa mga kahulugan ng “KANJI” at suliranin o tanong. Ang mga ito ay para sa mga batang nasa mababa pang level ang kakayahan sa Nihongo na gumagamit ng materyal na ito o di kaya mag-aral kagabay ng mga magulang o tagabantay sa bahay.

7. Kaugalian at klima ng bansang Hapon ay ipinakikilala.

Para sa mga batang baguhan lamang sa pagtira sa bansang Hapon, maraming mga bagay na may katanungan o nakapagtataka. Ang materyal sa pagtuturo na ito ay naayon sa mga pangkaraniwan na mga bagay bagay na itinuturing ng mga Hapon.

Sa mga guro

Kahit na may kasabihan na ang mga bata ay madaling makasaulo ng wika, ang pag-aaral ng ibang wika lalo na sa pamamagitan ng ibang titik ay may malaking kahirapan. Bagamat man ang mga pag-uusap na naririnig ay maaaring naiintindihan, hindi kaunti ang mga batang mahina sa pagsusulat. Ang mga sumusunod ay mga paraan sa pag-aaral ng “KANJI” para sa mga batang galing sa lugar na di gumagamit ng “KANJI”.

Ang mga paraan sa pag-aaral ng “KANJI” para sa mga batang galing sa lugar na di gumagamit ng “KANJI”

①Ang porma ng “KANJI” ay kailangang makilala.

Sapagkat ang “KANJI” ay nakita sa kaunaunahan lang, ito ay mahalagang makilala muna at madetermina o matukoy.



②Unawain na ang bawat karakter ng “KANJI” ay may kahulugan.

Ang mga titik sa lugar ng di gumagamit ng “KANJI” ay natututuhan sa kanilang mga tunog. Sa kabila naman na mga “KANJI” ay natututuhan sa bawat kahulugan. Para sa mga batang nag-aaral ng “KANJI” sa una pa lamang, ang unang dapat maiintindihan ay ang tungkulin nito.



③Unawain na ang pinakapunong kahulugan ay di nagbabago kahit na mag-iba ang basa nito.

Halimbawang ang “KANJI” na itinuro sa salitang “taas (上)” at “baba (下)” ay nag-iba sa salitang “上がる(agaru: umakyat), 下がる (sagaru: bumaba)”, ang puno ng kahulugang “taas” at “baba” ay di nagbabago. Sa pamamagitan ng pagkilala at pag-alam ng maraming salita, maiintindihan ang tungkulin ng bawat isang “KANJI”.



④Ang kahulugan ng mga “KANJI” na binubuo ng dalawa o mahigit na karakter ay mauunawaan. .

Kahit na ang basa ng karakter na “入” ay talagang magkakaiba sa “pumasok” 入る (hairu), “pasukan” 入口 (iriguchi) at “pagpasok” 進入 (shinnyu), ang kahulugan ng mga salitang may dalawa o mahigit na “KANJI” ay nababatay sa pagkakatulad kung mahuhulaan ang kahulugan ng kanilang larawan ng “入る (hairu)”, “口 (kuchi)” at “進む (susumu).

Ang mga kabuuan ng materyal sa pagtuturong ito

[Mga nilalaman ng bawat leksyon]

1. Bagong karakter “KANJI” (pahina ng pagpapakilala)

Ang mga bagong “KANJI” ay ipinakikilala kasama na ang salita. Ang mga kahulugan sa Tagalog at English ay nakalagay pati na ang mga ilustrasyon. Sa gayon man makikita na ang bawat karakter ay may kahulugang nilalayon. Kung ang bagay ay makikita ng personal, ito ay malalaman. Samakatwid, ang bagay at ang karakter ay nagiging konektado sa pag-iisip.

2. Ito ba ay mababasa? (Pahina ng pagsasanay sa pagbasa)

Pagtitibayin ang basa ng mga “KANJI” na napag-aralan sa unang pahina ng bawat leksyon. Ipasulat muna sa mga bata ang basa sa HIRAGANA at ipabasa sa kanila ng malakas.

3. Ito ba ay maisusulat? (Pahina ng praktis sa pagsulat)

Mayroong pirmihan na pagsulat ang “KANJI”. Ang pagsasanay sa pagsulat nito ng tamang ayos ay makakatulong sa paggamit ng diksyonaryo nang madali sa pagdating ng panahon. Malamang mas mabuting sundin nang wasto at maayos ang pagsulat ng “KANJI” sa una pa lang. Subalit, ang isang mithiin sa pag-aaral ay kinakailangan ding may kasayahan. Ang pagtuturo nito nang mahigpit ay hindi pinapayo. Sa una, mabuting ituring na ang layunin ay maisulat sa porma o balangkas. Pag ito ay naisagawa purihin ang bata sa pagbibigay ng kakayahan.

4. Basahin natin! Isulat natin! (Pahina ng pagtatamo)

Pagtitibayin sa mga maikling pangungusap ang kahulugan ng mga “KANJI” na napag-aralan sa naunang pahina. Una ipabasa sa mga bata ang pangungusap at ipasulat sa kanila ang YOMIGANA (basa ng “KANJI”). Pagkatapos, ang salitang nakasulat sa HIRAGANA ay ipapasulat sa kanila sa “KANJI”. Kapag pinagtibay ang tamang sagot, kailangang pagtibayin ang kahulugan. Bukod dito, ang mga magtuturo ay kailangang basahin ang mga pangungusap ng malakas at matapos ay ipaulit sa mga bata. Ang pagbabasa ng malakas ay may kasiguraduhan sa pag-uunlad ng kagalingan sa wikang Hapon.

5. Nababasa ko! Naisusulat ko! (Pahina ng pagsasanay sa pagsulong)

Masugid na pagsasanay ng mga “KANJI” na napag-aralan simula sa una ay maisasagawa sa pamamagitan ng pagbasa at pagsulat bilang pagsubok sa kakayahan. Kung hindi alam ang kasagutan maaaring tignan ang PATTOMI JITEN 80 (Comprehensive Index). Sa pagpapatuloy ng bawat leksyon ang pagsasanay ay maaaring maulit. Binibigyan ng kahalagahan ang pag-aaral na may mabuting pakiramdam at dapat din isaalang-alang.

[Mga suliranin para sa pagbabalik-aral]

May mga suliranin na ibinigay bilang balik-aral sa bawat limang leksyon upang tamuhin ang kakayahan sa pagbabasa at pagsusulat ng “KANJI”. Maaring gamitin upang tingnan kung natamo ang mga napag-aralan.

[PATTOMI JITEN] (Comprehensive Index)

Listahan ito ng mga “KANJI” sa pagkakasunud-sunod ng silabari ng wikang Hapon. Nakalagay din ang ilustrasyon at salin ng mga salita.

[KARUTA(Baraha)] (Bukod na papel)

Ang "KANJI", ilustrayon at basa ng "KANJI" na pag-aaralan ay ginawa sa anyo ng isang KARUTA (baraha). Maaring gamitin matapos iprinta at idikit sa karton upang patibayin.

Iba pang puntos sa pagtuturo

- **Isang magandang paraan para sa batang ayaw magsulat ng "KANJI"**

May kahirapan kaninuman ang kumopya ng isang karakter na hindi karaniwang nakikita. Hindi rin kaunti ang nawawalan ng pagnanais dahil sa kahirapan sa pagsulat ng "KANJI". Sa sitwasyong ito, huwag pilitin ang bata magsulat kung ito ay di nawiwili. Maaaring imungkahi na mag-isip ng ibang paraan katulad ng paggawa ng mga card o mga bagay na nakakaaliw hanggang ang bata ay mabuyo. Sa kabaliktaran naman sa mga batang may kusa at mabilis ang pag-aaral, hayaang ipagpatuloy ito hangat maaari. Sa pamamaraang ito, ang kamalayan sa porma ay makikilala.

- **Pagsulat ng panlapi na kana at karakter ("KANJI") na magkasama.**

Para sa batang baguhan pa lang sa pag-aaral ng "KANJI", huwag pasanaying isulat ang "KANJI" lamang kundi pati na rin ang panlapi na kana sa hulihan. Ito ay upang mapag-aralan ang natural na paggamit ng notasyon sa wikang Hapon na mga "KANJI" "HIRAGANA" at "KATAKANA" upang tumugon kung kinakailangan.

- **Maingat na pagtuturo ng dalawa o mahigit na pagbasa.**

Sa materyal sa pagtuturong ito, ang mga karakter ng "KANJI" ay may isang basa lamang sa bawat seksyon. Ito ay para hindi magdulot ng kaguluhan sa mga batang di pa nasasanay sa pag-aaral ng "KANJI". Kung magtuturo ng iba pang salita o iba pang basa, hanggat maaari ay pumili ng salitang kilala o naririnig na at siguraduhin din nasa baitang na may kasanayan na sa pag-aaral ng "KANJI".

(Halimbawa)

- "Ue (taas)" "Shita (baba)" → "Agaru and Sagaru (umakyat at bumaba)"
- "Hi (araw)" → "Nichiyoubi (Linggo)" atbp.

- **May kasayahan habang nag-aaral**

Para maipagpatuloy ang mahirap na pag-aaral ng "KANJI" importanteng magpatuloy ng may kaluguran. Gumawa ng ibat ibang idea upang mapanatili ang pagkawili at ang maaliwalas na pakiramdam, "Ang pag-aaral ng KANJI ay masaya" ng mga bata.

- **Kumbinasyon ng ibang materyal sa pagtuturo (aklat aralin)**

Itong materyal sa pagtuturo ay may bahagi na hindi matutugunan sa pag-aaral ng "KANJI" sa aralin ng klase halimbawa dahil iisa lamang ang basa sa bawat karakter na itinuturo. Gamitin ang materyal na ito bilang gamit sa pagbabalik aral o karagdagan sa ibang aklat aralin hinggil sa kinakailangan sa aktwal na lugar.

Mag-aral tayo ng "KANJI" na may kaluguran!

Ukol sa kaayusan sa pagsulat ng mga "Bilang sa Kanji".

Ang kaayusan sa pagsulat ng mga "Bilang sa Kanji" ay dapat isaayos ng patayong (vertical na) pagsulat. Sa kadahilanang ang librong ito (materyal sa pagtuturo) ay binubuo ng pahalang pagsulat, kung saan ang mga "Bilang sa Kanji" ay itinulad. Maari lang po na unawain ang ukol sa bagay na ito.

Ang KANJI ay Kaibigan 80 kanjis Index

1課	一	二	三	四	五	P.1
Lesson-1	one	two	three	four	five	
Leksyon-1	isa	dalawa	tatlo	apat	lima	
2課	六	七	八	九	十	P.6
Lesson-2	six	seven	eight	nine	ten	
Leksyon-2	anim	pito	walo	siyam	sampu	
3課	上	下	中			P.12
Lesson-3	upon	under	inside·in			
Leksyon-3	taas	ilalim	loob			
4課	山	川	火	水		P.18
Lesson-4	mountain	river	fire	water		
Leksyon-4	bundok	ilog	sunog · apoy	tubig		
5課	木	林	森			P.23
Lesson-5	tree	grove	forest			
Leksyon-5	puno	kahuyan	kagubatan			
6課	口	目	耳	手		P.29
Lesson-6	mouth	eye	ear	hand		
Leksyon-6	bibig	mata	tainga	kamay		
7課	虫	石	足	糸		P.34
Lesson-7	insect·worm	stone	foot·leg	thread·string		
Leksyon-7	insekto · uod	bato	paa · leg	sinulid		
8課	田	力	男	女		P.40
Lesson-8	ricefield	strength	male	female		
Leksyon-8	palayan	lakas	lalaki	babae		
9課	大きい	小さい	犬	王		P.46
Lesson-9	big · large	little · small	dog	king		
Leksyon-9	malaki	maliit	aso	hari		
10課	人	車	村	町		P.52
Lesson-10	human·person	car · automobile	village	city		
Leksyon-10	tao · katao	kotse · sasakyan	nayon	lungsod		
11課	先	生	年	名		P.57
Lesson-11	teacher		year	name		
Leksyon-11	guro		taon	pangalan		
12課	子	字	学	校		P.63
Lesson-12	child	letter	school			
Leksyon-12	bata	letra	paaralan			

13課	日	月	夕	早い	P.69	
Lesson-13	sun	moon	before evening	early		
Leksyon-13	araw	buwan	bago maggabi	maaga		
14課	赤	青	白	花	P.75	
Lesson-14	red	blue	white	flower		
Leksyon-14	pula	asul	puti	bulaklak		
15課	入ります	出ます	立ちます	休みます	P.80	
Lesson-15	to enter	to go out	to stand up	to rest		
Leksyon-15	pumasok	lumabas	tumayo	magpahinga		
16課	左	右	見ます	貝	P.86	
Lesson-16	left	right	see · look	shellfish · shell		
Leksyon-16	kaliwa	kanan	makita · tingnan	molusko · kabibi		
17課	百	千	円	玉	金	P.91
Lesson-17	hundred	thousand	yen · circle	coin · ball	money	
Leksyon-17	daan	libo	yen · bilog	barya · bola	pera	
18課	草	土	竹	音	P.97	
Lesson-18	grass	earth · soil	bamboo	sound		
Leksyon-18	damo	lupa	kawayan	tunog		
19課	正しい	文	本		P.103	
Lesson-19	correct · right	sentence	book			
Leksyon-19	tama	pangungusap	aklat · libro			
20課	天	気	雨	空	P.109	
Lesson-20	weather		rain	sky		
Leksyon-20	panahon · klima		ulan	kalangitan		

<appendix> <apendiks>		
Reviews from lesson 1 to lesson 5	Do, if studies up to lesson 5 are completed.	P.115
Reviews mula sa aralin 1 hanggang 5	Gawin kung ang pag-aaral hanggang sa aralin 5 ay natapos.	
Reviews from lesson 1 to lesson 10	Do, if studies up to lesson 10 are completed.	P.117
Reviews mula sa aralin 1 hanggang 10	Gawin kung ang pag-aaral hanggang sa aralin 10 ay natapos.	
Reviews from lesson 1 to lesson 15	Do, if studies up to lesson 15 are completed.	P.119
Reviews mula sa aralin 1 hanggang 15	Gawin kung ang pag-aaral hanggang sa aralin 15 ay natapos.	
Reviews from lesson 1 to lesson 20	Do, if studies up to lesson 20 are completed.	P.121
Reviews mula sa aralin 1 hanggang 20	Gawin kung ang pag-aaral hanggang sa aralin 20 ay natapos.	
PATTOMI JITEN 80 (Comprehensive Index)	KANJI shown in this teaching material can be found easily.	P.124
PATTOMI JITEN 80 (Comprehensive Index)	Ang mga kanji na naitala sa materyal sa pagtuturong ito ay makikita ng madali.	
KARUTA 80 KANJIS (Cards)	The playing cards based on this teaching material.	supplement
KARUTA 80 KANJIS (Baraha)	Ang playing cards (baraha) batay sa mga materyal na ito.	kapupunan